Ano ang kahulugan ng bagong mga Pamantayan sa Kalidad ng Pangangalaga ng Matatanda para sa mga provider?



Pamantayan 1

Ang organisasyon ay:
(a) may kultura ng pagsasama (inclusion) at paggalang para sa mga konsyumer; at
(b) sinusuportahan ang mga konsyumer na gumawa ng pasya at maging independiyente; at
(c) iginagalang ang pagkapribado ng konsyumer.

Pamantayan 2

Ang organisasyon ay nagsasagawa ng pauna at patuloy na pagtatasa at pagpaplano para sa pangangalaga at mga serbisyo sa pakikipagtulungan sa mga konsyumer. Ang pagtatasa at pagpaplano ay tumututok sa paglubos ng kalusugan at kagalingan alinsunod sa mga pangangailangan, mga layunin at mga kagustuhan ng konsyumer.

Pamantayan 3

Ang organisasyon ay naghahatid ng ligtas at epektibong personal na pangangalaga, klinikal na pangangalaga, o parehong personal at klinikal na pangangalaga, alinsunod sa mga pangangailangan, mga layunin at mga kagustuhan ng konsyumer upang malubos ang kalusugan at kagalingan.

Pamantayan 4

Ang organisasyon ay nagbibigay ng ligtas at epektibong mga serbisyo at suporta para sa pang-araw-araw na pamumuhay na lumulubos sa kakayahang magsarili, kalusugan, kagalingan at kalidad ng buhay ng konsyumer.

Pamantayan 5

Ang organisasyon ay nagbibigay ng ligtas at komportableng kapaligiran ng serbisyo na nagtataguyod sa kakayahang magsarili, kumilos, at magsaya ng konsyumer.

Pamantayan 6

Ang organisasyon ay regular na nanghihingi ng mungkahi (input) at puna mula sa mga konsyumer, mga tagapag-alaga, mga tauhan at sa iba pa at ginagamit ang mga mungkahi at puna upang ipaalam ang patuloy na pagbuti para sa indibidwal na mga konsyumer at sa buong organisasyon.

Pamantayan 7

Ang organisasyon ay may mga tauhan na sapat ang bilang, at may kasanayan at kwalipikadong magbigay ng ligtas, magalang at may kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo.

Pamantayan 8

Ang lupong namamahala sa organisasyon ay mananagot para sa paghahatid ng ligtas at may kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo.

Ang impormasyon para sa mga provider ng mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda

Mula sa ika-1 ng Hulyo 2019, inaasahan ng Aged Care Quality and Safety Commission (Komisyon sa Kalidad ng Pangangalaga sa Matatanda at Kaligtasan) na ang mga organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyong pangangalaga sa Australya ay susunod sa mga Pamantayan sa Kalidad ng Pangangalaga ng Matatanda. Ang mga Pamantayan ay tututok sa mga kalalabasan para sa mga konsyumer at sasalamin sa antas ng pangangalaga at mga serbisyo na maaasahan ng komunidad. Ang ilang mga Pamantayan ay ilalapat nang naiiba para sa mga organisasyon, depende sa uri ng pangangalaga at mga serbisyo na ibinibigay.

May walong mga Pamantayan, at bawat isa ay naglalaman ng kalalabasan para sa konsyumer, pahayag ng organisasyon at ilang mga kinakailangan na nagbabalangkas kung ano ang dapat mong ipakita upang sabihin na ang Pamantayan ay nakakamit.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon

Ang mga Patnubay na materyal ay dinisenyo upang suportahan ang mga organisasyon at mga tauhan na maunawaan ang mga pamantayan ng Kalidad at kung ano ang maaasahan sa panahon ng pagtatasa ng kalidad; pagmunian ang pang-araw-araw na gawi at mga bahaging mapagbubuti pa; at magsasagawa ng patuloy na mga pagrepaso ng pagganap na ayon sa mga Pamantayan ng Kalidad .

Ang mga materyal na ito ay naglalarawan ng mga inaasahan ng Aged Care Quality and Safety Commission (Komisyon sa Kalidad ng Pangangalaga ng Matatanda at Kaligtasan) at nagbibigay ng suportang impormasyon, iminungkahing mga gawi at pati na rin, mga halimbawa ng mga aksyon at katibayan upang ipakita ang pagsunod.

Ang mga patnubay na materyal ay makukuha sa website ng Komisyon:
agedcarequality.gov.au/providers/standards

Australian Government
Aged Care Quality and Safety Commission

Engage
Empower
Safeguard

Ano ang kahulugan para sa iyo ng bagong Aged Care Quality Pamantayans (Mga Pamantayan sa Kalidad ng Pangangalaga ng Matatanda)?

Pamantayan 1

Ako ay tinatrato nang may dignidad at paggalang, at maaaring panatilihin ang aking pagkakakilanlan. Maaari akong gumawa ng may-kamalayang mga pasya tungkol sa aking pangangalaga at mga serbisyo, at mabuhay sa paraang pinili ko.

Pamantayan 2

Ako ay katuwang sa patuloy na pagtatasa at pagpaplano na tutulong sa akin na makakuha ng pangangalaga at mga serbisyo na kailangan ko para sa aking kalusugan at kagalingan.

Pamantayan 3

Tumatanggap ako ng personal na pangangalaga, klinikal na pangangalaga, o parehong personal at klinikal na pangangalaga, na ligtas at akma para sa akin.

Pamantayan 4

Tumatanggap ako ng mga serbisyo at suporta para sa pang-araw-araw na pamumuhay na mahalaga para sa aking kalusugan at kagalingan at nagbibigay-daan upang magawa ko ang mga bagay na nais kong gawin.



Pamantayan 8

Ako ay tiwala na ang organisasyon ay mahusay na pinamamahalaan. Maaari akong maging katuwang sa pagpapabuti ng paghahatid ng pangangalaga at mga serbisyo.

Pamantayan 7

Tumatanggap ako ng may kalidad na pangangalaga at mga serbisyo kapag kailangan ko ang mga ito mula sa mga tao na may kaalaman, may kakayahan at nagmamalasakit.

Pamantayan 6

Pakiramdam ko ay ligtas ako at hinihikayat at sinusuportahan upang magbigay ng puna at magreklamo. Ako ay nakikibahagi sa mga proseso upang matugunan ang aking mga puna at reklamo, at may isinasagawang angkop na aksyon.

Pamantayan 5

Pakiramdam ko ay kasali ako at ako ay ligtas at komportable sa kapaligiran ng serbisyo ng organisasyon.

Ang impormasyon para sa mga konsyumer ng mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda, kanilang mga pamilya, mga tagapag-alaga at mga kinatawan

Mula ika-1 ng Hulyo 2019, ang iyong serbisyo ay dapat nagpapakita na tumutugon ito sa Mga Pamantayan sa Kalidad ng Pangangalaga ng Matatanda. Ang Mga Pamantayan ng Kalidad ay malinaw na binibigyang kahulugan kung ano dapat ang kalidad ng pangangalaga, at lahat ay dapat makatanggap ng pangangalagang tulad nito. May walong Pamantayan, at ang bawat isa ay tungkol sa isang aspeto ng pangangalaga na nag-aambag sa iyong kaligtasan, kalusugan at kagalingan. Mayroon ding isang Charter ng mga Karapatan sa Pangangalaga ng Matatanda.

Bawat Pamantayan ay nagsasabi sa iyo, ang konsyumer, ng maaari mong asahan. Ang provider (tagapagbigay) ng iyong pangangalaga ng matatanda ay dapat nagpapakita kung paano nito natutugunan ang kalalabasan.

Australian Government
Aged Care Quality and Safety Commission

Kung mayroon kang pag-aalala

Ikaw at ang iyong pamilya ay dapat maging panatag sa kaalamang maaari kang magtanong at magsabi ng iyong pag-aalala kung sa palagay mo ay hindi tumutugon sa Pamantayan ang iyong pangangalaga.

1. Kung magagawa mo, kausapin mo muna ang iyong provider upang malutas o maibsan ang iyong pag-aalala.
2. Upang magreklamo o magbigay ng puna tungkol sa iyong pangangalaga at mga serbisyo, makipag-ugnay sa amin sa **1800 951 822**.
3. Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa mga tagapagtaguyod. Kontakin ang National Aged Care Advocacy Line (Linya ng Pambansang Tagapagtaguyod ng Pangangalaga ng Matatanda) sa **1800 700 600**.

Kung mayroon kang kapansanan sa pandinig o pananalita, maaari mong tawagan ang National Relay Service sa **1800 555 677**.

Ang mga Serbisyo ng Pagsasalin at Pag-iinterprete ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa **131 450**.

Ang mga Pamantayan ay tungkol sa pagtutulungan upang tiyakin na lahat ay tumatanggap ng may kalidad na pangangalaga.

Ang karagdagang mga mapagkukunan ay makukuha sa website ng Komisyon:
agedcarequality.gov.au/consumers/standards/resources

Engage
Empower
Safeguard